



Serbisyo sa Transportasyon sa Brampton bilang tugon sa COVID-19

BRAMPTON, ON (Marso 19, 2020) – Bilang tugon sa COVID-19 at para matiyak na ligtas na pinagliligkuran ng Brampton Transit ang komunidad, ang mga serbisyo ng bus ay babawasan ayon sa sumusunod, simula Marso 23:

Lunes hanggang Biyernes: Dinagdagang serbisyo sa Sabado – kinabibilangan ng karagdagang serbisyo sa ilang ruta at mas maagang mga biyahe sa umaga sa piling mga ruta
Sabado: Regular na serbisyo sa Sabado
Linggo: Regular na serbisyo sa Linggo

Ang mga detalye tungkol sa serbisyo sa Sabado ay ipo-post sa bramptontransit.com sa Biyernes, Marso 20 sa 4:30 pm.

Ang mga terminal ng Brampton Transit at mga sentrong kontak ay magpapanatili ng regular na mga oras ng operation. Ang anumang pagbabago sa mga oras ng operation ay ipapahayag sa bramptontransit.com.

Ang Brampton Transit ay isang mahalagang serbisyo at committed sa pagsuporta sa komunidad. Ang mga customer ay nagpapasalamat sa kanilang pakikipagtulungan.

Para mabawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa komunidad, ipapatupad ng Brampton Transit ang sumusunod:

- Lilimitahan ang mga karga ng bus sa kalahating kapasidad ng nakaupo para suportahan ang mga gawain ng social distancing o pagtayo/pag-upo na maysapat na distansya mula sa iba. Nangangahulugan ito na kapag kalahating puno na ang mga bus, lalagpasan na ang mga bus stop at maaaring maiwanan ang mga pasahero. Gagawin ang lahat ng pagsisikap para i-deploy ang mga bus para kunin ang natitirang mga pasahero.
- Sa mas abalang mga ruta, ihahanda ang mga articulated bus para matulungan ang kakayahan ng mga pasahero na panatilihin ang social distancing habang nakasakay. Nangangahulugan ito na ang mga Züm articulated bus ay maaaring makita sa mga regular na ruta. Mangyaring magbigay ng pansin sa mga palatandaan ng destinasyon sa mga bus.
- Para matiyak na may sapat na distansya sa pagitan ng isa't isa sa mga bus, kabilang ang mga empleyado, haharangan ang mga upuan ng dilaw na tape at hindi paupuin ang mga pasahero sa mga upuang ito.

Ang isang pinaigting na iskedyul ng paglilinis at pag-disinfect ay mananatiling ipapatupad. Layunin ng Brampton na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface o ibabaw, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang mga pasilidad at terminal na may



matitigas na surface ay pupunasan at idi-disinfect araw-araw. Hinihikayat ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyahe, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Measures Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang www.brampton.ca/covid19 para sa regular na mga update at bisitahin ang bramptontransit.com o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo.

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/bramptontransit), [Facebook](https://facebook.com/bramptontransit), at [Instagram](https://instagram.com/bramptontransit). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa
Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca